PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
February 16, 2021 (12:11 P.M. – 1:25 P.M.)

SEC. ROQUE: Maayong udto sa inyong tanan. Narito po tayo ngayon sa Siyudad ng Davao sa Apolinario Mabini Elementary School gym kung saan nagaganap po ang isang Coordinated Operations to Defeat Pandemic or CODE Team visit dito sa Davao City. Layunin po ng CODE visit na ito na masigurado at malaman kung ano iyong kahandaan na ginawa ng ating mga lokal na pamahalaan para sa darating na ating mga bakuna.

Kasama po natin ngayon sa Davao walang iba kung hindi si Davao City Mayor Sara Duterte; ang ating Chief Implementer ng NTF at ang ating Vaccine Czar, Secretary Galvez; at ang ating Department of Health Secretary, Secretary Francisco Duque III.

Now, pero siyempre po habang—maya-maya po ay magkakaroon din tayo ng press conference kasama ang mga panauhin natin dito sa CODE visit.

Ano muna po ang nangyari kagabi doon sa regular na Monday Talk to the People ng ating Presidente, si Presidente Rodrigo Roa Duterte? Well, unang-una po 'no, inatasan po ang inyong Spox, ang ating Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez na i-brief po ang mga publiko 'no dalawang beses isang linggo tungkol sa ating vaccine efforts. Mayroon naman tayong tatlong pormal na presidential press briefing bawat linggo, magkakaroon pa po tayo ng karagdagang information drives sa mga susunod na araw kasama ang National Task Force Chief Implementer at Vaccine Czar Carlito Galvez.

Now, ini-report din po kagabi ni Secretary Galvez sa Talk to the People na kung makukumpleto po natin ang kinakailangan nating mga bakuna para sa ating vaccination program, ito po ay base sa supply at demand ng mga bakuna. Sang-ayon po kay Secretary Galvez ay iyong ating target po na 170 na mga bakuna ay makukuha natin: 44 million po galing sa COVAX, 25 million galing sa Sinovac, 10 to 15 million galing po sa Gamaleya, 30 million ang galing po sa Novavax, 17 million ang galing po sa AstraZeneca, 20 million po ang galing sa Moderna, 15 million ang galing sa Pfizer at five million po ang galing sa Johnson & Johnson.

Bagama't naantala po 'no iyong pagdating ng Pfizer at ng AstraZeneca, kampante pa rin po tayo dahil mayroon po talagang pormal na komunikasyon ang COVAX Facility na makakarating sa buwan na ito at least iyong initial na 117,000 na Pfizer at iyong panimula na hanggang limang milyong AstraZeneca. Samantalang nakasulat na nga po, nakataga na po sa bato na pagdating ng bente tres ng buwan na ito ay darating din po ang Sinovac.

Importante rin po ang naging pag-uulat ni Secretary Galvez na hindi po totoo na nahuhuli na tayo sa ating pagbabakuna. Sa katunayan, itong infographics po ay nagpapakita na ilang mga bansa pa lamang po ang talagang nagsimula ng kanilang mga vaccination plan at mga

vaccination program. Siyempre po ang pinakamaraming nabakunahan na ay iyong Estados Unidos kung saan ginagawa ang Pfizer at ang Moderna; ang bansang Tsina kung saan ginagawa ang Sinovac at ang Sinopharm; ang UK kung saan po ginagawa ang AstraZeneca; at iyong India dahil marami po silang mga ginagawang bakuna doon, hindi lang iyong made in India kung hindi po pati iyong Novavax; at ang bansang Israel, UAE, Brazil, Germany, Turkey at Italy.

Pero kung titingnan ninyo po sa infographic, kasabayan lang po tayo ng buong daigdig na magsisimula pa lamang ng ating pagbabakuna. Naiintindihan po natin, excited na excited na tayo dahil ang pagbabakuna po ay pagbabalik buhay – makakagala na naman tayo, makakabalik na naman tayo sa ating bisita sa mga kaibigan, makakapagtrabaho na naman nang husto. Pero ito po ay panandaliang delay lamang at inaasahan po natin sa buwang ito, magsisimula pa rin po ang ating vaccination program.

Inulat din po kahapon ng ating Acting NEDA Secretary Karl Chua ang kanilang rekumendasyon na ilagay ang buong Pilipinas sa Modified General Community Quarantine or MGCQ simula a-uno ng Marso. Ito ay para mabalanse ang ating response para mapahinto ang pagkalat ng coronavirus at pangangailangan ng mga Pilipino na maghanapbuhay. Rekumendasyon pa lamang po ito ha! Pinag-aaralan nang mabuti ng Pangulo ang rekumendasyon na ito, at ang sabi nga niya, nais niyang ito ay mapag-usapan sa susunod na Cabinet meeting sa a-bente dos ng buwan na ito. Pero dahil ito nga po ay naging rekumendasyon na ng IATF, napag-usapan na ng kaniyang mga Gabinete na nakaupo sa IATF, talagang ang Presidente po ang nag-aaral kung tama na ba tayong magpunta sa MGCQ.

Kasama rin sa mga rekumendasyon na kaniyang iniulat sa ating Pangulo ay ang mga sumusunod:

- Ang dagdag na kapasidad na pinayagan sa pampublikong transportasyon mula singkuwenta hanggang 75%. Ito nga po ay importante dahil kung bubuksan pa natin talaga ang ekonomiya, kinakailangan mas maraming transportasyon.
- Kinakailangan din mas marami ang mga bike lanes.
- Ang pagpayag na mag-operate ang mas maraming provincial buses.
- At palawakin pa ang age groups na pinapayagang lumabas na sa ngayon ay nasa 15 to 65. Ang proposal po ay gawin itong 5 to 70. Pinag-aaralan pa po iyan. Pero sa ngayon po, ang mga mayors sa Metro Manila ay pumayag na na ibaba ang edad na pupuwedeng lumabas mula kinse hanggang 65.
- Isa rin po sa dapat pag-aralan ang pagpa-pilot test sa face-to-face classes na nauna nang namungkahi ng DepEd pero panandaliang pinahinto ng ating Presidente dahil nga hindi pa natin alam itong anyo ng bagong variant. Pero sa tingin ko po, alam na natin na ang anyo ng variant ngayon – mas nakakahawa. Pero alam din po natin ang kasagutan sa bagong variant na iyan – mas maigting na mask, hugas at iwas.

Sa presentasyon ng ating economic team, tinimbang mabuti ang sitwasyon ng COVID-19 sa Pilipinas at ang maraming Pilipinong nagugutom, naghihirap at walang trabaho. Kitang-kita

po sa susunod na mga slides na marami ang nagutom at marami ang nawalan ng trabaho na nagsara ang ating ekonomiya; at nag-improve ang sitwasyon nang nagbukas ang ating ekonomiya. Makikita ninyo po rito doon sa … iyong nasa taas po, iyan po iyong mga nawalan ng trabaho. Ito po iyong … makikita ninyo na iyong nasa taas po ay pigura ng Metro Manila, iyong parang yellow po 'no. Makikita ninyo po na sa kasagsagan po ng ating pandemya ay tumaas hanggang 18.9 ang walang trabaho sa Metro Manila; at noong tayo po ay bahagyang nagbukas ng ekonomiya, bumaba naman po ito to 14.4. Pero kung ikukumpara ninyo po sa buong Pilipinas na karamihan po ngayon ay nasa MGCQ, ang nawalan po ng trabaho ngayon ay mula po 17.7 eh ngayon ay 8.7%.

Kung titignan din po natin, nasa 60 to 67 percent po ang ating ekonomiya ay nasa Metro Manila at CALABARZON kaya kinakailangan nga po na buksan ang ekonomiya.

Ito naman po, tingnan po natin iyong mga nagugutom 'no, nakikita po natin dito na ang total na pagkagutom ay talagang tumaas po dahil nga po dito sa pandemya; pero makikita rin natin dito na mas maliit po ang numero ng mga nagugutom sa buong Pilipinas kung ikukumpara sa Metro Manila kung saan 12.6% sa ngayon po ang mga nagugutom pa rin at sa buong Pilipinas ay bumaba naman po.

Pumunta naman po tayo sa ating COVID updates. Ito po ang world ranking by country ayon sa World Health Organization at Johns Hopkins 'no. Sa total cases, mayroon po tayong 550,860; tayo po ay Number 31 sa buong mundo. Sa active cases, mayroon po tayong 27,588; tayo po ay Number 42 sa buong mundo. Mayroon po tayong cases per one million population, mayroon po tayong 501.16, tayo po ay 134 sa buong mundo. At sa ating case fatality rate, mayroon po tayong 2.1%; tayo po ay Number 66 sa buong mundo. Hindi po iyan propaganda, iyan po ay ayon sa World Health Organization.

Now, sa ating aktibong kaso na 27,588 cases, mayroon po tayong 93.5% ay mild at asymptomatic, nasa 2.8% po ang kritikal, at 2.8 po ang severe. Higit kalahating milyon or 511,735 na po ang nag-recover at buong recovery rate ay nasa 92.9% na po.

Samantala, malungkot po nating ibinabalita na mayroon na pong mga 11,517 na mga Pilipinong namatay at ang ating case fatality rate nga po ay 2.09%. Nakikiramay po tayo.

Now, dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Mamaya po ako ay magbibigay ng aking mensahe dito sa CODE visit na nagaganap dito sa Davao. Hihingan din natin ng kaniyang mensahe si Mayor Sara at siyempre po ang maikling report galing po kay Vaccine Czar Carlito Galvez dahil ang sabi ng Presidente dapat dalawang beses isang linggo ay nagkakaroon tayo ng komunikasyon sa panig ng ating Vaccine Czar at para malaman ng taumbayan kung ano talagang nangyayari pagdating doon sa usaping bakuna.

Pero ngayon po kasama natin walang iba kung hindi ang ating suki, Ambassador Sta. Romana. Siya po ang ating ambassador sa People's Republic of China. Ambassador Chito Sta. Romana, are you in the house?

AMBASSADOR STA. ROMANA: Naririnig kita, Harry. I'm in the house, thank you.

SEC. ROQUE: Yes. Sir, we just want an update po, kasi nga po mukhang ang unang darating talaga sa Pilipinas unless magkaroon po ng talagang sudden development at matuloy ang pagdating ng Pfizer na 117,000 doses ng Pfizer, mukhang ang mauunang darating sa Pilipinas ay iyong 600,000 na donated by Sinovac at marami pong nagtatanong: Ano ba, talaga bang okay itong Sinovac na bakuna? Siguro simulan po muna natin, gaanong karami na po ang mga Tsino na nabakunahan ng either Sinovac or Sinopharm dahil kapag marami na ang nabakunahan eh siguro naman eh magkakaroon ng kumpiyansa ang Filipino na kung ganoong karami ang nabakunahan na at wala namang aberya eh safe din na gamitin ang mga made in China na mga bakuna. Sir, the floor is yours.

AMBASSADOR STA. ROMANA: Thank you. Thank you, Secretary Harry. As of last week, the Chinese authorities reported that there were over 40 million Chinese who have been administered the vaccine doses made by two Chinese vaccine manufacturers – Sinovac at saka Sinopharm.

Between Sinopharm and Sinovac, mas malaki ang Sinopharm. It is a state-owned and long-established company pero Sinovac has also had more than a decade of experience. It started out as a small private company and it has now become much bigger and it is among the Chinese vaccine makers, it is now one of the leading companies.

So, so far, among the 40 million and it may already have reached 50 million by now because the target was to reach 50 million as of February 12 and then there was the Chinese New Year, so there was a break but it will resume this week and at the average of about 1.5, 1.7 million vaccinations per day, so they're pretty much on target to meet the 50 million mark.

Hardly any report of deaths or any death if at all; adverse events, very few. It's basically gone smoothly for the Chinese. Of course, ang binakunahan dito sa China, it's first focus on the high-risk sectors. So, kasali diyan iyong those working in hospitals and in the medical fields – doctors, nurses and the like. Tapos kasali din diyan ang personnel na working sa airports because they deal with the incoming passengers and in China's case karamihan ng kaso nila ngayon ay iyong tinatawag na cases of Chinese and foreigners coming from abroad.

Also, among the priorities are those involved in the transportation and hotel service industries – so, iyong mga taxi drivers, mga delivery boys, hotel personnel, kasali din sila sa priority. And then of course, the Chinese personnel who are going abroad to study or to work abroad, priority din sila and they're included in the priority sectors.

So, hindi pa kasali, for example, ang mga foreigners or foreign diplomats and that's why I haven't had the vaccine yet. However, mayroon nang ilang Filipino na nagkaroon ng bakuna. I met one actually more than a month ago, a Filipino doctor working in a Chinese joint venture hospital, kasali siya doon sa priority.

Pinauna niya iyong kaniyang mga Chinese colleagues. In the beginning he was not willing but when he saw the results and the others show that walang side effects, walang adverse effects, he agreed. And so far, he said it's been good so far and he knows the number of other Filipinos who are working in hospitals who have undergone the vaccine.

So, that's where it stands in China. So far so good, they're hitting their target. Maaaring hindi exactly on the day they wanted, before February 12, but certainly within this week or so, they're going to reach 50 million. They reported 40 million last week.

SEC. ROQUE: Sir, sa ngayon po halos kapantay ang mga nabakuna na sa Amerika at sa Tsina, mahigit 40 million na nga po ang parehong nabakunahan ng Amerikano at ng mga Tsina. Sa atin naman po, ano iyong kasiguraduhan na darating nga po iyong dinonate na Sinovac sa Pilipinas nitong darating na 23 ng buwan na ito?

AMBASSADOR STA. ROMANA: Well of course, this is being discussed through both diplomatic channels and between the IATF and Chinese vaccine manufacturer. Just so you know, the Chinese vaccine makers have ramp up their production during the past couple of months. Kasi iyong Sinopharm was given the general approval at the end of December and iyong Sinovac received its general approval nitong beginning of February.

And even before that when they applied for general approval, they already had EUA as early as July last year. So, they've been preparing for this. Ang one characteristic nitong ginagawa ng China, unlike the US, the Chinese have also been exporting iyong kanilang vaccines abroad, maybe to developing countries, more than 50 developing countries actually that they provide vaccine assistance.

So, in a sense, ito ang ibig sabihin noong sinasabi ng Chinese leadership na they want the vaccine [inaudible] public could. So they have exported almost as many vaccine doses abroad as they have administered domestically. More than 46 million na ang doses of ready-made vaccine and their active ingredients that have been exported to different countries kasali na diyan ang Indonesia, kasali diyan ang Turkey, Brazil. It goes from Eastern Europe to Africa, Latin America, Asia and Southeast Asia, pero priority pa rin ang Southeast Asia.

Kaya I think so far, the situation looks good. I think certainly before the end of the month we will be receiving the vaccine donation that Foreign Minister Wang Yi promised last month. The Chinese, you know, are right now in a week-long public holiday. Chinese New Year or they call it Chinese Spring Festival sa China ngayon kaya sarado mga opisina pero magbubukas na iyan bukas o makalawa, kaya we'll resume the discussions and of course the work of facilitating the communication between the vaccine makers and the IATF to ensure itong delivery of the vaccines to the Philippines.

SEC. ROQUE: Yes. Ambassador, ano hong kasiguraduhan na with the minimum of 300 orders from abroad at saka iyong one billion na kinakailangan nila para sa sarili nilang mamamayan,

ano ang kasiguraduhan na maisu-supply naman ng Tsina iyong ipinangako nilang 25 million at iyong dinonate nilang 600,000 na bakuna para sa Pilipinas?

AMBASSADOR STA. ROMANA: From what I can tell you is we'll try to ensure through diplomatic conversation with the Chinese officials that these are delivered as scheduled and as promised.

Totoo na the Chinese are really – on the one hand – ramping up production but on the other hand, it's a challenge to meet the demand. Kasi ang nangyari dito, the developed countries, you know the US, Europe, other countries, they're holding on to almost—a big proportion of the vaccine production. They are certainly holding on to what is produced within their country.

So, China basically is playing the role of supplying the developing countries, the third world, kaya totoong they have a lot of work to do to ensure that pero ang advantage ng Philippine is we are pretty high sa kanilang priority list since ASEAN or being part of ASEAN and as a neighbor, we are not only it is in terms of transport and otherwise, but we are high in the priority list of the government in terms of supplying vaccines. So, that is why we have high level of confidence that this will happen. Of course, kailangan pa rin ng day-to-day consultations and making sure. But the Chinese media have actually published the different commitments of China.

Of course, marami iyong nai-promise nila sa Indonesia, sa Brazil, sa other parts of the world 'no pero we are… I would say iyong ating number – 25 million – is on the moderate side 'no, right about on the middle side, neither at the top end nor is it maliit lang 'no at saka scheduled naman siya, staggered from now until the second quarter and third quarter until the end of the year iyong 25 million. Kaya we start first with the first shipment of more than half a million before the end of December and then sa second quarter starting March, April, and so on, iyong schedule. I think it's roughly one million to five million a month as we go along to be able to meet the target of the agreement, the commitment actually of 25 million by the end of the year.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Ambassador! I hope you will join us for our open forum. Simulan na natin ang ating open forum. Usec. Rocky, go ahead, please. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Good afternoon, Secretary Roque. Good afternoon, Ambassador.

Question from Kris Jose of Remate: Sa tingin po ninyo handa na po ba ang mamamayang Pilipino at ang Pilipinas sa kung pagbibigyan ni Pangulong Duterte ang panukala ng NEDA na isailalim na ang buong Pilipinas sa MGCQ, itaas sa 70% ang vehicle capacity, gawing lima hanggang 70 na taon ang pinapayagang makalabas ng kani-kanilang bahay at ituloy na ang face-to-face classes sa kabila ng nandiyan pa rin po ang banta ng bagong COVID-19 variant?

SEC. ROQUE: Usec. Rocky, kasama po ako doon sa mga miyembro ng IATF na bumoto po 'no na irekumenda sa Presidente na lalo pang buksan ang ating ekonomiya 'no. Mayroon po

kasing pag-aaral ang NEDA na nagpapakita na kung titimbangin natin iyong mga numero na nagkakasakit sa COVID na 550,860; iyong mga active cases natin na 27,588 at iyong mga namatay na sa COVID na 11,517 – mas matimbang po ngayon iyong mga kababayan natin na nagugutom na nasa 23.7 million, iyong ating additional na naghirap na mga kababayan na 4.5 million, iyong mga karagdagang nawalan ng trabaho na 2.7 million at iyong all other debts po 'no na 480,338.

Dahil mas matimbang na nga po iyong paghihirap natin dahil sa non-COVID related activities at dahil napatunayan naman ng mga Pilipino sa isang survey po ng OCTA Research, 93% po ang sumusunod sa pagsusuot ng mask sa ating mga kababayan, eh pinapakita natin na panahon na po siguro talaga na isalba naman natin ang ating mga kababayan sa pagkagutom at sa pagkahirap. Ito po ay dahilan sa mga ibang bagay at hindi lamang COVID.

So sa pagkahanda po, nandiyan po iyong 93% na pagsusuot ng mask na nagpapakita na ang mga Pilipino po eh dininig naman iyong panawagan ng ating Presidente na pag-ingatan ang ating mga buhay para tayo po ay makapaghanapbuhay.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong susunod naman pong tanong, si Llanesca Panti ng GMA News ay kapareho po ng tanong ni Kris Jose. From Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror: In a recent statement you said that had the US government honored its obligation in assisting the country, China may have not been able to build structures in the Panatag Shoal – "*There are so many islands we have lost, not just Panatag and yet America did not help us.*" Would you not agree that the defense of Philippine sovereignty is the responsibility of the AFP and not the USA? Has the government made any move to counter China's territorial grab?

SEC. ROQUE: Lilinawin ko lang po 'no na ang pinasok po natin sa parte ng Amerika ay iyong Mutual Defense Treaty. Ang tawag po dito ay Collective Security Measure 'no na kapag nilusob ang Pilipinas eh rireskbakan tayo ng Amerika. Ano pong nangyari 'no? Bagama't enforced po at buhay ang MDT, nawala po sa atin unang-una ang Mischief Shoal, wala pong nangyari. Pagkatapos po nawala ang Panatag, wala rin pong nangyari 'no. Tapos gumawa ng tatlong artificial na isla ang mga Tsino sa lugar na kabahagi ng ating Exclusive Economic Zone, wala rin naman pong ginawa ang mga Amerikano 'no.

So sa akin po, panahon na talaga dapat pag-isipan kung talagang mayroon ba tayong nahihita diyan sa Mutual Defense Treaty dahil at least 'no tatlong beses na na nagkaroon ng dahilan para sila'y tulungan tayo, hindi naman po tayo natulungan. Kaya nga po ang leksiyon ngayon po, ang ating Presidente siya na po ang bumibili at nagmu-modernize ng ating Hukbong Sandatahan. Hindi na po natin inaasa sa kahit anong dayuhang bansa iyong ating kahandaan para protektahan ang ating teritoryo. Pero sa ngayon po ang sinasabi nga ng Presidente, hindi pa natin kakayanin ang lakas militar ng bansang Tsina.

USEC. IGNACIO: Opo. Question for Ambassador Chito Sta. Romana. Ang tanong po galing kay Evelyn Quiroz: Beijing recently passed a new law authorizing its Coast Guard daw po to fire on foreign vessels in the hotly contested South China Sea waterways. Senator Francis Tolentino

believes there were lapses on the part of the Philippine Embassy in Beijing. He believes that the Chinese Ambassador to Manila should be summoned to explain that move and that Ambassador Sta. Romana should also be summoned to explain why [garbled] to have failed to act on the measure until it was too late and it was already passed into law. "*Ask him. You have been there for quite some time now. How come you were not able to monitor this?*"

AMBASSADOR STA. ROMANA: Hindi po totoo iyan. Of course, it's confidential but we have monitored it since November. Sumulat ho kami ng dalawang reports – one in November, one in December when the law was being deliberated, and we subsequently have filed another report as it was passed.

So it is true that the Coast Guard law, the original expectation is it would be passed sometime in March kasi iyon ang talagang National People's Congress Session; ang ginawa nila, pinass nila in a standing committee session. However, we have followed it closely, that Coast Guard law as it stands right now has actually been the language actually although it's surprising to most people, it is actually more moderate than the first version when we first reported that the Chinese were considering it.

So however, the objections still stand as Secretary Locsin has pointed out and that is—that if the law is applied beyond Chinese territory or within our EEZ, we will definitely object. The Chinese have reassured us through their spokesman, the Foreign Ministry Spokesman as well as the Chinese Embassy that they will—that they are not targeting the Philippines or any specific country and that they will not resort to force in the first instance.

Kaya gusto ko lang ipaliwanag na through the objection, through the diplomatic note and through the diplomatic discussion, the Chinese have tried to reassure that they will still exercise restraint. This is what we are calling for, that all claimant countries resort to diplomacy and avoid the use of force. And the Chinese have been clearly told as explained in our diplomatic note to the Foreign Ministry in China that we have objections in terms of the language regarding the use of force and particularly the application, the possible application of this law in areas that we consider beyond China's territory or within our EEZ.

USEC. IGNACIO: Thank you, Ambassador.

Question for Secretary Roque from Genalyn Kabiling of Manila Bulletin: [Garbled]… into a military base. Will the government ask the United States to dismantle its weapons depot in the country?

SEC. ROQUE: Hindi ko narinig iyong first part of the question, please.

USEC. IGNACIO: How will the President daw po stop the United States from turning Subic into a military base as the Unite States [garbled] weapons depot in the country?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po mayroon po kasing pinasok iyong dating administrasyon na isang kasunduan na ang tawag ay Expanded Defense Cooperation Agreement. At dahil po dito sa EDCAng ito eh binigyan po natin ng karapatan ang mga Amerikano na mag-preposition ng kanilang sundalo at ng kanilang mga defense equipment at karapatan na gamitin ang lahat ng ating mga base militar na ngayon po ay nangyayari na. Ito nga po iyong binalita sa atin ng ating Presidente.

So sa tingin ko po kung gusto na matigil ito ng ating Presidente, kinakailangan balikan muli at pag-isipan niya kung bukod sa VFA ay dapat na rin tayong magbitiw dito sa tinatawag na EDCA dahil iyan po talaga ngayon ang ligal na basehan para manatili dito sa ating bayan ang kasundaluhan at ang mga equipment ng mga Amerikano.

USEC. IGNACIO: Question from Pia Rañada of Rappler: Does the Palace agree with *[technical problem]* City of San Carlos in Cebu. How can *[technical problem]* is not abusing its power *[technical problem]*

SEC. ROQUE: Hindi ko po narinig ang tanong. Pakiulit po ang tanong ni Pia Rañada.

USEC. IGNACIO: Do you hear me, Secretary. Opo, sir, ulitin ko na lang po: Does the Palace agree with the manner of which PNP arrested 25 teachers and students of a Lumad school in University of San Carlos in Cebu? And how can the Palace assure Filipinos that the PNP daw po is not abusing its power and violating rights of IPs in the guise of a communist crackdown?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kung anong nangyari diyan. Aalamin ko po muna bago tayo magkomento.

USEC. IGNACIO: Opo. Question from Jam Punzalan ng ABS-CBN regarding daw po kay President Duterte's pay for VFA remarks, former Foreign Affairs Secretary Albert del Rosario said, China owes Filipinos more than 230 billion pesos in damages for its marine destruction in the West Philippine Sea. Secretary?

SEC. ROQUE: Yes, ano po iyong tanong ulit?

USEC. IGNACIO: Question from Jam Punzalan po ng ABS-CBN regarding daw po sa statement ni President Duterte, iyong [garbled] pay remarks, former Foreign Affairs Secretary Albert del Rosario said, China po owes Filipinos more than 230 billion in damages for its marine destruction in the West Philippine Sea. He asked, in this case, when will President Duterte demand China to pay, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po, nangyari iyong karamihan na iyan noong panahon na Secretary of Foreign Affairs itong si Secretary—anong pangalan niya ulit? Ito pong mga ginawa ng Tsina ay nangyari po lahat iyan sa administrasyon ng Pangulong Aquino. At kung mayroon pong dapat na pananagutan, sana talagang gumawa po ng hakbang ang gobyerno

ni Presidente Aquino noong sila ay nakaupo pa para magkaroon ng katarungan ang ating bayan.

Ang alam ko po, mula nang umupo ang ating Pangulo bilang isang presidente, nagkaroon po tayo ng bagong pagkakaibigan sa bansang Tsina at mukhang natigil po itong mga gawaing ito. Itong si Secretary del Rosario po, siya po iyong dahilan, siya po iyong nasa SFA noong nawala po sa atin ang Panatag. So, dapat po siya ang magbigay eksplanasyon bakit pinayagan niyang mangyari iyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, tanong ni Pia Gutierrez: [Garbled] sa Presidential Electoral Tribunal's dismissal of Senator Bongbong Marcos electoral protest against Vice President Leni Robredo?

SEC. ROQUE: Well, iyan po ay nakabinbin naman sa Korte Suprema, hayaan po nating desisyunan iyan ng Korte Suprema bilang Presidential Electoral Tribunal.

USEC. IGNACIO: Opo. Pahabol ni Joseph Morong po ng GMA [garbled] the delay in the indemnification documents? Was Pfizer late in telling us we need a law or an agreement for indemnification or we are slow to act to give them the indemnification mechanism?

SEC. ROQUE: Uulitin ko po, itong parating na Pfizer ay dahil po sa COVAX Facility 'no. So hindi po tayo nag-order ng paunang delivery na ito sa Pfizer mismo kung hindi sa COVAX 'no. So ang COVAX po ay nagbigay notice sa atin na kinakailangan pumirma nitong indemnification agreement na ito.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang follow up po niya: What is the Pfizer wants in the documents they sent to the Philippine government? No liability on their part?

SEC. ROQUE: Well, ang hinihingi po ay dahil nasa EUA nga po itong mga bakunang ito, ang hinihingi ng mga gumagawa ng mga bakuna ay kung mayroong mga side effect na ang dapat magbigay ng indemnification sa ating mga kababayan ay ang Pilipinas sa pamamagitan nga ng PhilHealth, at hindi na kinakailangang ipakita na mayroong fault ang kahit sino. Ito po ay para magbigay ng kumpiyansa sa lahat na gamitin itong mga bakuna na covered pa lamang ng EUA.

USEC. IGNACIO: Opo. Alam ko, Secretary, lilipat po kayo sa presscon ng NTF ano po, pero pahabol lang po ni Maricel Halili ng TV 5: Sabi po daw ng tagapagsalita ni VP Leni na si Attorney Barry, imbes na sagutin ng Pangulo ang mismong issue ay puro pangungutya lang ang ginagawa nito kay VP Leni kahit na kumilos si VP noong panahon na mabagal ang pagtugon ng gobyerno sa COVID. Ano po ang masasabi ninyo dito?

SEC. ROQUE: Hindi po pagkutya iyon. Iyon po ay tunay na mga sagot kay VP Leni kasi mukhang kinakailangan talaga niya ng refresher course.

Bibitaw na po ako ngayon para sumapi po sa press briefing ng NTF.

SEC. ROQUE: So muli po, magandang hapon po sa inyong lahat! Nandito po kami uli sa Davao City, sa Apolinario Mabini Elementary School kung saan nagkaroon po ng CODE visit para malaman po ang kahandaan ng Siyudad ng Davao sa parating na pagbabakuna.

At sa ngayon po kasama natin ang mga miyembro ng lokal na media dito po sa Davao City at via Zoom kasama rin po natin ang Malacañang Press Corps. Lahat po ng tanong ng Malacañang Press Corps will be coursed through Usec. Rocky.

Nandito po sa ating harapan ang ating Cabinet Secretary Karlo Nograles, DOH Secretary Duque, Mayor Sara Duterte, and NTF Chief Implementer and Vaccine Czar Secretary Galvez. You can address any or all your questions to anyone po in the rostrum right now.

May I ask our PIA, sino po ang taga-PIA who will at act as moderator for the questions coming from the local media and we will do this alternately, siguro isang question from local media, isang question from Malacañang Press Corps.

Sir, can you introduce yourself first and then you can call on the first question from the local media.

JOEY SEM DALUMPINES/PIA DAVAO: Maayong hapon kaninyo tanan! Ako si Joey Sem Dalumpines, Information Officer III sa PIA XI.

Ang first question natin ay mula kay Gem Avanceña ng TV5. Please formulate two questions; one main and one follow-up and address it to someone in the rostrum.

SEC. ROQUE: Pakibigyan lang ng mic, PIA, iyong ating media, wala silang mic doon. Please identify yourself and kung para kanino po iyong tanong.

GEM AVANCEÑA/TV5: Hi po! Good afternoon! I'm Gem Avanceña po from TV5. Kay Secretary Duque: [unclear] calls for the abolition of the IATF saying na unscientific daw po iyong ilan sa mga decision katulad na lamang po nung pagpayag ng opening ng cinemas and bini-veto naman daw ho ng mayors. What's your reaction on this, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Thank you for the question. The IATF is a collegial body okay, represented therein by the department secretaries and other heads of national government agencies. Our function is really to make recommendations to the President and it is really up for the President to see the good that those recommendations may produce. But you see, the sources of information of the President 'no is well beyond the IATF because he also talks to other sectors and he is always a listening President so that ang perspective ng Pangulo is broader and deeper so that if and when he thinks that some of the recommendations of the IATF stand improvement then we have to respect that and then we follow what the final decision is of the President.

SEC. ROQUE: Siguro dadagdagan ko lang iyan 'no. Nagkaroon na po ng desisyon, iyong resolution naman po ng IATF kung babasahin ninyo, it is subject to guidelines to be issued by both the local government and the Department of Health.

The Department of Health right now is coming up with protocols kung paano po natin gagawin ito kung matutuloy and the LGUs now are in the process of issuing guidelines should they wish to allow the opening of cinemas.

Hindi po naman binabalewala ang posisyon ng mga alkalde kaya sa resolusyon po mismo naka-specify doon that the opening eventually is subject to guidelines to be issued by them. Pero siguro po ilalagay ko lang po sa perspective iyong mga aksyon na ginagawa ngayon ng IATF kasama na iyong pagrerekomenda ng MGCQ sa buong Pilipinas.

Mayroon pong slide dito, sana po magamit dito sa overhead 'no. Pero iyong sa analysis po ng NEDA tinitimbang po natin na iyong total number of COVID cases po natin ay 550,000. Ang active cases natin ay 27,500, ang COVID deaths natin ay 11,500. Sa kabila naman po, iyong pagkagutom ng ating mga Filipino eh mayroon na po tayong karagdagang nagugutom na Filipino na 23.7 million Filipinos; additional poor people na 4.5 million; additional unemployed na 2.7 million; and all other debts of 480,338.

Ito po ang dahilan kung bakit nagkaroon ng consensus na talagang kinakailangan unti-unti nating buksan ang ekonomiya. Pero ang ini-emphasize po natin, unti-unti pong binubuksan ang ekonomiya pero hindi po tayo nagpapabaya doon sa ating minimum health standards, kinakailangan sundin pa rin ang pakiusap ng ating Presidente – Mask, Hugas, at Iwas.

GEM AVANCEÑA/TV5: Thank you so much, Secretary. One last question po. AstraZeneca will no longer accepting orders na daw po while Novavax naman daw po is limited na lang daw po iyong kanilang masu-supply. Ano po kaya ang magiging implication nito, Secretary Duque?

SEC. ROQUE: Secretary Galvez or Secretary Duque?

GEM AVANCEÑA/TV5: I'm sorry, Secretary—anybody could ano naman po.

SEC. ROQUE: Siguro Secretary Galvez as the Vaccine Czar. Ano ho ulit iyong question?

GEM AVANCEÑA/TV5: Ano ho iyong magiging implications since AstraZeneca daw po will no longer be accepting orders while sa Novavax naman daw po is limited lang po iyong mapo-provide nila?

SEC. GALVEZ: Nakita natin iyong ano naman… iyong sa AstraZeneca, mayroon tayong na-order na 17 million and iyon po ang total volumes na in-offer po sa atin na nakuha ng private sector at saka ng LGU.

So, 11 million po total po lahat ang nakuha po ng LGU at six million naman po doon sa private sector.

Bale po kasi ang nangyari iyong sa AstraZeneca iyon na po iyong total volumes na puwede po nating makuha. So, wala na po tayong volumes na available considering that all other regions have already gotten iyong AstraZeneca volumes. And ngayon nag-offer po ang Novavax from Serum Institute of India na mayroon po tayong ten million na puwede pong paghatian ng private sector at ng ating mga LGU.

So, ngayon po ongoing po ang negotiation nila and considering also na iyong Senate at saka Congress ay ginagawa po iyong bill na maisabatas na i-allow na po ang LGU through tripartite agreement na magkaroon ng cash advances ay mas lalo pong magiging masigasig po ang ating LGU na makakuha ng additional volumes sa Novavax.

SEC. DUQUE: Mayroong question si Usec. Rocky from the Malacañang Press Corps. Usec. Rocky, you have questions from your end?

Okay, wala pa pong response. Next question, please.

JOEY SEM DALUMPINES/PIA DAVAO: Next question is from Che Palicte of Philippine News Agency.

CHE PALICTE/PNA DAVAO: Good afternoon! To Secretary Galvez, sir. Sir, when are we expecting in Davao City po iyong vaccine? And Dr. Lopez presented na kailangan po ng 500,000 vaccines for the priority respondents. Paano po iyon, sir, makaka-allocate po ba sa Davao ng ganoon kalaking doses?

SEC. GALVEZ: Based doon sa latest na po natin na iyong COVAX nga po ay magbibigay sa atin ng more or less 5.2 to 9.3 na vaccines ng AstraZeneca at saka ng Pfizer. Ang kanila pong expected na arrival is this coming February and March. And also, iyong sa ating allocation dito sa Davao, ang uunahin po muna natin iyong mga tinatawag natin na mga COVID dedicated hospitals, iyong ating LGU hospitals at saka iyong ating mga private COVID hospitals.

So after COVAX, mayroon po tayong parating din na Sinovac pagka once na naaprubahan na po ng EUA iyong Sinovac and also Gamaleya, mayroon din pong padating na more or less 1.5-1.6 million this coming February and May. Mayroon pong dinonate ang China na 600,000 na Sinovac na darating ngayong February po. So iyong ano po natin, kagaya po ng naipangako natin kay Mayor Sara na talagang hindi po natin pabayaan iyong ating population na target na more or less 800,000.

Titingnan po namin at iyong lahat po na padating this coming first quarter/second quarter. We will allocate equitably with what we can give for Davao particularly in preserving its healthcare facilities and also protecting the vulnerable sectors and society, iyon po.

SEC. ROQUE: Okay. May question from Usec. Rocky. Usec. Rocky…

USEC. IGNACIO: Yes. Thank you, Secretary Roque. Good afternoon po, Secretary Galvez, Secretary Duque, Mayor Sara Duterte.

Secretary, ulitin ko iyong tanong kanina ni Pia Gutierrez. Ang tanong po niya dito ay tungkol sa reaksiyon ng Malacañang on the Presidential Electoral Tribunal dismissal of Senator Bongbong Marcos' electoral protest against Vice President Leni Robredo.

SEC. ROQUE: Ang tanong po ni Pia Gutierrez: Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo doon sa dismissal ng election protest ni Senator Bongbong Marcos laban kay VP Leni Robredo. Iyan po'y desisyon ng Kataas-taasang Hukuman. We respect that and we respect also that the camp of Senator Bongbong Marcos has the further remedy of moving for reconsideration.

USEC. IGNACIO: Opo. Question from Maricel Halili of TV-5: Dr. Tony Leachon calls for the abolition of IATF saying that their decision like that of the reopening of cinemas have no specific scientific basis. He even said that the President vetoed some of the resolutions like age restrictions. What can you say about this?

SEC. ROQUE: Ang tanong po ni Maricel Halili: Dr. Tony Leachon calls for the abolition of the IATF for decisions such as the reopening of cinemas which he claims has no scientific basis. Ang tanong ko po kay Dr. Tony Leachon: Sir, the President has addressed your views. You're sourgraping because he did not appoint you as Secretary of Health. Pasensiyahan na lang po.

May idadagdag pa po si Secretary Galvez.

SEC. GALVEZ: Ang advice ko lang kay Dr. Leachon, hindi mo pinagbuti ang trabaho mo sa NTF at saka nakita natin na mayroon kang ulterior motive aside from serving our people kaya tinanggal po namin kayo. So iyon pa lang nakita natin na si Dr. Leachon po talagang wala pong word of honor iyan, talagang ang hirap makasama.

SEC. ROQUE: Kapag nagalit po naman si Secretary Galvez, ewan ko na. Eh tingnan ninyo naman si Secretary Galvez, hindi iyan kagaya ko, napakabait niyan; ako, maldito. Anyway, next question, please.

USEC. IGNACIO: Opo. Question mula po kay—[cut]

Q: [Garbled] ABS-CBN News. My question is for Secretary Galvez. Sir, what was accomplished during your meeting with the COVAX Facility last Friday?

SEC. GALVEZ: Iyong tungkol sa indemnification agreement. Actually iyon, nag-usap-usap ang ating mga lawyers pertaining sa indemnification agreement. Napirmahan na po namin nila Secretary Duque at saka po ni Secretary Dominguez iyong proposed COVAX Indemnification

Agreement. Iyong bola po, nasa kanila po ngayon. So iyon na po iyong ating indemnification agreement ay napag-agree-han na atin pong isumite sa COVAX po. We were just waiting for the details on the lawyers of the Pfizer on their additional requirements.

Q: So, where are we in the efforts to comply Pfizer's indemnity requirement? Has the Philippines submitted its indemnity plan to Pfizer?

SEC. GALVEZ: Ongoing pa ngayon iyong ating arrangement with Pfizer kasi based doon sa pag-uusap ng mga lawyers na aside from the COVAX generic indemnification agreement ay kailangan bawat mga manufacturer na magsu-supply through COVAX, kailangan mayroong individual indemnification agreement.

Sa ngayon po niriresolba po natin iyan dahil kasi ngayon po ang ating Senado at ang ating mga Congressmen, they are working very hard na magkaroon po tayo ng tinatawag nating indemnification clause sa mga ginagawa po ng bill, ng Senate bill at saka iyong ating mga Congress bill ngayon para magkaroon po tayo ng at least, iyang recommendation po ng DOF, magkaroon po tayo ng indemnification fund na more or less 500 million para sa ating mga future adverse effect na beneficiaries.

SEC. ROQUE: Balikan naman natin si Usec. Rocky. Usec. Rocky, mayroon ka pang tanong galing Malacañang Press Corps?

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary. Tanong mula kay Melo Acuña: Has the IATF considered more stringent measures for travelers into the Philippines due to the return of the Ebola virus in parts of Africa? And, how much has been programmed for the vaccine rollout to the regions, provinces, cities and municipalities?

SEC. ROQUE: Okay. Ang question po galing kay Melo Acuña: Has the IATF considered more stringent requirements for the entry of foreigners given the outbreak of Ebola and what is the budget for the vaccine layout?

Iyong budget naman po natin, siguro si Sec. Galvez will tell us about the total budget for our vaccination program.

SEC. GALVEZ: Sa vaccination program, ang ating nailathala na po na mayroon po tayong 82.5 billion. More or less 72.5 billion is allocated for the procurement of vaccines. Ang remaining po na fund na other remaining funds will be allocated for ancillary consumables like the syringes and also the PPEs and other ancillary requirements po sa vaccination like mobilization, training and other services like the cold chain requirement. Iyon po ang ano po natin, 82.5 billion po ang ating pondo kasama na rin po iyong ating multilateral arrangement with the ADB at saka World Bank.

SEC. ROQUE: Doon naman po sa tanong na tayo ba ho ay nagluwag? Ah, mayroon pong idadagdag si Secretary Duque, please.

DOH SEC. DUQUE: Iyon pong unang bahagi ng katanungan ni Ginoong Melo Acuña, ano daw ang gagawing paghahanda patungkol sa mga nababalitaang Ebola epidemic or cases mula sa Africa. Ang atin pong panuntunan diyan ay ang Bureau of Quarantine ay alam na po nila ito kasi mayroon pong tinatawag na international health regulation na kung saan active po ang updating ng mga sari-saring mga sakit na kinakailangan ma-notify ang mga iba't ibang gobyerno. At ang gobyerno naman natin ay nakahanda sa lahat ng panahon to enforce strict border surveillance and control 'no. So iyan po ay huwag po kayong mag-aalala na baka makapasok ito dahil kagaya po ng sinabi ko ay mayroon na pong paghahandang ginagawa ang ating Bureau of Quarantine. Thank you.

SEC. ROQUE: Okay. Question from the local media, please? Wala na, wala nang question from the local media? Usec. Rocky, mayroon ka pa bang tanong?

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary. Tanong mula kay Sam Medenilla ng Business Mirror: May desisyon na po kaya si President Duterte on the proposed MAV para po sa pork?

SEC. ROQUE: Ang tanong po ni Sam Medenilla: May desisyon na po raw ang ating Presidente doon sa proposed na MAV. Ang MAV po, iyan ay nakasaad sa WTO na aangkatin ng mga agrikulturang mga produkto na subject to lower tariff. Iyan po ay pinagbigay-alam na po doon sa komite na nagdidesisyon at mayroon na po silang rekomendasyon sa Presidente. At sa takdang panahon po, ako rin po ang mag-aanunsiyo kung ano iyong naging desisyon at ilan ang aangkatin natin sa pamamagitan po ng MAV.

USEC. IGNACIO: Opo. Question mula naman po kay Ace Romero ng Philippine Star: Ang Mutual Defense Treaty po ay puwede lang i-invoke kapag may armed attack? Ang pagkuha po ba sa Panatag Shoal ay armed attack? 'Di po kaya dahil sa mismong MDT provision iyon and not because of America's discretion?

SEC. ROQUE: Ang tanong po ni Ace Romero: Ang Mutual Defense Treaty daw po ay para sa in cases of armed attack. Iyong nangyari daw ho sa Scarborough Shoal, was it an armed attack?

Well, an armed attack po is the sending of regular armed forces into the territory of another. Kung naalala ninyo po ang nangyari sa kapanahunan ni Presidente Aquino, eh talagang pinadala po ng Tsina iyong mga Coast Guard vessels niya sa Panatag at pinaalis niya ang mga mangingisda at pati na po iyong Philippine Navy na pinadala natin doon sa area na iyon.

Sa tingin ko po, sapat po iyong insidente sa Panatag para bigyan tayo ng saklolo ng Estados Unidos na hindi po nangyari.

Okay. Usec. Rocky, I think ang news program ng Channel 4 will be coming in. So maraming salamat, Usec. Rocky. Ma'am, Mayor Sara Duterte maraming, maraming salamat po for your preparedness po dito sa Davao on the vaccine rollout and for your hospitality for having us here. Maraming salamat po sa ating mga kasama sa Gabinete – Secretary Nograles, Secretary

Duque at Secretary Galvez. Maraming salamat po sa lahat ng mga opisyales na nandito kasama po si DG Domingo, si Usec. Densing at ang ating naging host po ngayon, walang iba po kung hindi si Dr. Ma. Paz Corrales. At maraming salamat po sa mga taga-Davao sa inyong mainit na pagtanggap sa amin.

Sa ngalan po ng inyong Presidente Rodrigo Roa Duterte na inyong pinahiram sa buong sambayanang Pilipino, ito po ang Spox Harry Roque nagsasabi: Malapit na po tayong magbalik-buhay dahil sa bakuna. Konting tulog na lang po.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center